**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 6, 33-45




# Dimensyong pang-Gen Z ng social media short series

Varona, Fe A. ✉
*Cebu Technological University-Main Campus, Philippines (varona8421@gmail.com)*

**Received**: 31 January 2026 **Revised**: 20 February 2026 **Accepted**: 5 March 2026
**Available Online**: 9 March 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26804

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

The study aimed to analyze and understand the literary elements in Generation Z social media short series as a platform for identifying the culture and critical skills. This study examined five selected short series that have become popular on social media. These are the Gen Z issues, literary elements: theme, moral significance, and sociological dimension. The study used a qualitative research design, specifically content analysis and descriptive methods, to examine the relationship between literary elements and the culture of the current generation. In summary, the study identified the dominant issues facing Gen Z, which primarily revolve around social consciousness and personal issues among youth. In terms of theme, a channel for reflection and change emerged in youth culture. Meanwhile, in terms of moral significance, love for one's own personality prevails as the foundation of stability and family. It can also be seen that sociological dimensions always emerge in the shows, which show the relationship between the individual and social reality as a mirror of contemporary life. In conclusion, social series are an effective tool and platform for teaching and learning, strengthening popular culture, improving communicative skills, and fostering critical thinking and a deeper understanding of life's realities.

***Keywords:*** Gen Z, tema, kahalagahang moral, dimensyong panliteratura, social series

© The Author(s) / Attributions CC BY

# Dimensyong pang-Gen Z ng social media short series

## 1. Abstrak

Nilayon ng pag-aaral na masuri at maunawaan ang mga elementong panliteratura sa mga social media short series ng Gen Z bilang lunsaran ng kultura at kritikal na kasanayan. Sinuri sa pag-aaral na ito ang limang piling maikling serye na naging patok sa social media. Ito ay ang mga isyung pang-Gen Z, elementong panliterari: tema, kahalagahang moral, at dimensiyong pansosyolohikal. Ginamit sa pag-aaral ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang pagsusuring pangnilalaman at deskriptibong pamamaraan sa layuning mailantad ang ugnayan ng mga elementong literari sa kulturang umiiral sa kasalukuyang henerasyon. Sa kabuuan, natuklasan sa pag-aaral ang mga nangingibabaw na isyung kaugnay ng Gen Z na pangunahing umiikot sa mga kamalayang panlipunan at personal na suliranin ng kabataan. Sa aspekto ng tema, lumitaw ang daluyan ng pagninilay at pagbabago ng kultura ng kabataan. Samantala, sa kahalagahang moral, nangingibabaw ang pagmamahal sa sariling pagkatao bilang pundasyon ng katatagan at pamilya. Makikita rin na ang mga dimensiyong sosyolohikal ay palaging umuusbong sa mga panoorin, na nagpapakita ng ugnayan ng indibidwal at panlipunang realidad bilang salamin ng kontemporaryong buhay. Bilang konklusyon, isang mabisang lunsaran at hanguan ng pagtuturo at pagkatuto ang mga social series para sa pagpapalawak ng pagkilala sa kulturang popular, daluyan ng pagpapahusay sa kasanayang komunikatibo, mapanuri, at kritikal na pag-unawa sa mas malalim na realidad ng buhay.

## 2. Introduksiyon

Masasabing ang mga imahe o mga larawang may awdyo at bidyo ay malaon nang nakikilala ng bawat tao. Nakalilikha o maaaring nakakukuha ng kung ano ang naisin ng mismong tagapanood batay sa nakikita, sa paligid at sa social media. Kilala ng lahat ang panoorin bilang bahagi ng tradisyunal na media na bunga na rin ng teknolohiya, subalit sa ngayon ay maaaring makita na sa internet gamit ang social networking sites gaya ng Facebook at YouTube. Kaya naman ayon pa kay Dominick (2009): “Film is an art form”, the film industry is in business to make a profit. Films are produced by a variety of organizations and individuals.” Isang katotohanan na ilan sa mga grupo at indibidwal na kumpanya ay lumilikha na ng mga film studio na pinamamalakaran ng mga independyenteng producers. Ipinakita ng pag-aaral na mahalaga ang pelikula bilang repleksyon ng kalagayan ng lipunan at daluyan ng mga aral mula sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan (Ludivese, 2024). Sa kasalukuyan, nakasanayan na ng mga kabataan ng bagong henerasyon ang pagganap ng isang aktibong papel sa media na kanilang kinokonsumo, sapagkat sila ay hindi na lamang mga tagatanggap kundi mga kalahok sa proseso ng paglikha at pag-unawa ng mensahe. Ang media ay may kapangyarihang maghikayat ng mga damdamin sa pamamagitan ng paglalahad ng mga kuwento gamit ang iba’t ibang pamamaraan ng pagkukuwento at mga pormal na elemento na naglalayong isangkot ang manonood sa karanasan (Jones, 2007; Suckfüll et al., 2016). Masasabing ito ay naaayon sa kanilang mga hilig at nauugnay sa kung anuman ang uso at ang pagkahilig sa panonood at pagsubaybay sa maikling pelikula na makikita ang mga sitwasyong hanay sa tunay na pangyayari sa buhay ay masisilayan na nagsisimula at magtatapos sa panonood, bagkus ay nangangailangan pa na malinang ang kakayahang umunawa, kritikal na sumuri at maayos na kumilala sa kung ano ang nararapat at hindi.

Maituturing na ang maikling pelikula o mga panoorin na nagsasalaysay at nagsasalarawan ng mga paksa ay isa sa mga kasangkapang tanaw-dinig bilang isang kagamitan na kaakibat sa edukasyon (Kabadayi, L. 2012). Batay na rin sa mga pagkakataon ng kasalukuyang pagtuturo sa mga ganitong henerasyon ay nagnanais ang mananaliksik na magabayan sa wastong paggamit ng makabagong paraan ng pagtuturo sa pamamagitan ng panonood ng ilang mga serye ng maiikling pelikula o panoorin. Isa rin itong magandang ehemplo sa kasalukuyang kalakaran ng pagtuturo ng wika, panitikan at kontekstwalisadong komunikasyon na makisabay sa kinahihiligan ng henerasyon at maihanay sa kaalaman at kasanayang matatamo. Ang mga itinuturing na nasa henerasyong kung tawagin sa panahong ito na Generation Z na nahihilig gumamit ng midyang di-hital na

tinagurian pa ni Cilliers (2017), Gaidhani, S. et al. (2019), at Mohr, K. (2019), at mga mas nakasentro sa teknolohiya na mga Generation Z na mga mag-aaral. Maipapahayag na upang makakonekta sa mga henerasyong ito ay isang hamon sa mga tagapagturo na hindi lamang makontento sa kung ano ang nakasanayan bagkus ay magkaroon pa ng mga pamamaraan upang sa gayon ang pagtuturo at pagkatuto ay makasabay at maunawaan ang imahinasyon, interes at kognitibong aspekto ng mga itinuturing na Generation Z. Naniniwala naman (Jones, A.C., 2007) na kailangang lubos na maunawaan ang kalagayan ng mga kabataan at medya upang maunawaan ang mga epekto sa henerasyon ng milenyo. Napakaraming paraan upang maiparating ng tao ang kanyang damdamin, isipan, diwa at pangarap sa pamamagitan ng wika. Ang wika ang pangunahing ginagamit ng tao bilang instrumento sa kanyang pakikipag-ugnay sa lipunan at kultura, at dito umusbong ang pangangailangan niya para makipagtalastasan, ayon pa kay Hufana et al. (2018).

Kung kaya sa pag-aaral na ito, bibigyang-diin ang patuloy na sumisibol at patok na patok na paraan ng pakikipagkomunikasyon, pang-aliw, paghahatid ng istorya ng tao sa kanyang lipunang kinabibilangan, mga pagsubok, pakikibaka sa sarili, mga gawi tungo sa iba o/ at kapwa na katanggap-tanggap man o hindi. Gaya ng mga panoorin ay mahihiwatigan ang sosyolohikal na may potensyal na magbigay ng inspirasyon sa pagbabago ng lipunan sa pamamagitan ng pagpapataas ng kamalayan tungkol sa mga makabuluhang isyu sa lipunan at pagtataguyod ng kritikal na pag-iisip at pagmuni-muni (Moghimi, H. 2023). Ang mga seryeng panoorin na naghahatid ng sunod-sunod na inaabangan at sinusundan ng ilang mga henerasyong may paraan upang pindutin ang like page. Ang mga seryeng batay sa linyang kilala ay napapanood lamang nang may tatlo hanggang limang minuto. Mga iba't iba o mga maiikling palabas naman na nilikha para sa publiko lamang at matutunghayan sa pamamagitan ng pagbubukas o pag-a-access sa Facebook at YouTube sa internet na napapanood din ng ilan. Nilalayon naman ng tagalikha ng nilalaman ng maiikling mga pelikula o panoorin na maitulak ang kagustuhan na makakuha ng mga madla ang mga talento ng mga Pilipino at masilayan sa lokal at internasyonal na dihital na midya.

Sa kabilang banda ay nabibigyan ng pagkakataon ang mga henerasyon sa panahong ito na makita, maramdaman, maunawaan, maiugnay sa sarili at sa lipunang kinabibilangan, makakuha ng aral, para sa sarili, sa kapwa at higit sa lahat ay maging gabay na rin sa pakikibaka sa buhay. Ang angking katangian na kahalintulad ng mga milenyal sa pagkahilig sa makabagong teknolohiya ay maaaring higit pa sa paggugugol ng mahabang panahon sa pakikipag-ugnayan sa social media. Makikilala na sa kabila ng pagiging angat, handa at hilig sa napapanahong mga kagamitan at paggamit ng teknolohiya ay maaaring nakaliligtaan nang mabigyan ng panahon ang mga sarili na makita ang mga kahinaan at kagalingan ng mga maiikling bidyong nilikha partikular na ang mga bagong panoorin sa panlipunang serye. Sa ganitong pagkakataon ay mahalagang nagagamit ito upang maipahayag ang mga damdamin o mga emosyonal na nangyayari sa buhay at lipunan, sa sarili man o sa iba na maaaring pamilyar sa kanila. Magiging patnubay na rin upang makalikha ng isang kagamitan sa kasalukuyang pagtuturo. Sa naging pahayag ni Morales (2023) sa pag-aaral ni Magulod (2018), natukoy ang mga kasanayan sa pagpapahalagang pampanitikan at pagganap sa pagbasa ng mga mag-aaral sa unibersidad at nagmungkahi ng 29 na makabagong gawain sa pag-aaral para sa mga klase sa panitikan upang mapabuti ang gayong mga kasanayan. Sa pamamagitan ng midyum ay magiging angat ang isang kurso at makalikha ng isang hulwarang kagamitan na magagamit sa kasalukuyang pagtuturo ng wika, panitikan, kulturang popular at kontekstwalisadong komunikasyon sa paglinang ng mga makabuluhang kritikal na sumuri at mailapat sa kasalukuyang kalagayan ng buhay sa lipunang kinabibilangan.

***Layunin ng pag-aaral*** - Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ang masuri ang mga Social Media Short Series na kinagigiliwan ng mga kabataang Generation Z. Tinatangkang ilantad at suriin sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. ang mga isyung pang-Generation Z na masasalamin sa mga piling social media short series;
2. ang mga mahahalagang elementong literari tulad ng tema, kahalagahang moral, at mga dimensiyong pansosyolohikal; at

3. kung paano maaaring magamit ang mga natuklasan bilang lunsaran sa pagtuturo at pagpapalawak ng kasanayang mapanuri sa mga mag-aaral.

## 3. Disenyo at metodolohiya

Sa kabanatang ito, ginamit ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na, ayon kina Creswell et al. (2018), ay isang diskarte sa paggalugad at pag-unawa sa mga kahulugang ibinibigay ng mga indibidwal o grupo sa isang problemang panlipunan o pantao. Sa konteksto ng pag-aaral na ito, isinagawa ang malalimang pagsusuri na nakabatay sa masusing pag-unawa sa realidad at karanasang panlipunan ng mga kabataang kabilang sa Generation Z. Ayon kay Ryan (2020), ang pagsusuri sa mga panoorin ay nangangailangan ng malalim na pagpapakahulugan at tiwala sa sariling kakayahan sa interpretasyon. Kaugnay nito, ginamit sa pag-aaral na ito ang pampanitikang pagsusuring pangnilalaman, isang pamamaraang angkop sa panunuring pampelikula, na itinuturing na isa sa mga pinakabagong anyo ng sining sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng metodolohiyang ito, sinuri ang mga piling Social Media Short Series upang matukoy ang mga isyung pang-Generation Z, mahahalagang elementong literari gaya ng tema at kahalagahang moral, gayundin ang mga dimensiyong pansosyolohikal na lumilitaw sa mga ito.

***Pinagmulan ng Datos*** **-** Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga maiikling serye o social media short series na matatagpuan sa mga plataporming Facebook at YouTube. Nagsagawa ang mananaliksik ng masusing pagpili ng mga serye batay sa dami ng manonood, antas ng pakikilahok ng mga tagasubaybay, at bilang ng mga komento o reaksyon sa comment section ng bawat bidyo. Ang mga komentaryo at obserbasyon ng mga manonood ay nagsilbing karagdagang sanggunian sa pag-unawa sa konteksto ng mga serye at sa pagtukoy ng kanilang mga tematikong nilalaman. Ang mga pinagkunang datos ay pawang nasa pampublikong espasyo ng social networking sites, kaya't malayang naa-access at napapanood ng sinumang gumagamit ng internet. Isinaalang-alang ng mananaliksik na ang mga pahinang pinagkunan ay may layuning pang-edukasyonal at walang intensiyong makasira sa imahen ng mga serye o sa mga may-akda nito. Sa halip, ang layunin ng pagsusuri ay mailantad ang makabuluhang kaalaman at pananaw na maaaring maging ambag sa kritikal na pag-unawa at pagtuturo ng panitikan sa konteksto ng modernong midya.

***Pamamaraan ng Pagkalap ng Datos*** **-** Ang mananaliksik ay namili ng limang maiikling panlipunang serye gamit ang sariling Facebook account. Ang limang piling paksa ay batay sa kategoryang nabanggit sa pagpili na may iba't ibang paraan ng paglalahad. Ang mga napili ay isinasapublikong napapanood sa social media ng kahit na sinoman gamit ang sariling account sa Facebook o sa YouTube. Pinili rin ito ng mananaliksik upang maihanda sa isasagawang pagsusuri. Ang mga paksang napili ay may mga katangian at kategorya na umaayon sa kompetensi at antas ng pag-unawa batay sa tunay na kalagayan ng lipunan ng mga estudyanteng nabibilang sa Generation Z. Ang mga piling short series ay pinili batay sa mga sumusunod na pamantayan: pampublikong pagkalathala at kalayaang mapanood ng sinuman; at kaugnayan ng nilalaman sa mga karanasan at isyung panlipunan ng Generation Z. Tiniyak ng mananaliksik na ang mga napiling short series ay naglalaman ng mga paksang tumatalakay sa mga kontemporanyong suliranin ng lipunan. Ang mga ito ay nagsilbing batayang materyal sa isinagawang pagsusuri. Makailang ulit itong pinanood at inilista ang mga mahahalagang kinakailangang impormasyon mula sa mga linya at dayalogong ginamit at sinasambit ng bawat karakter o tauhan.

Upang maging sistematiko ang proseso ng pag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng mga talahanayan sa pagtatala, paglalarawan, at pagsusuri ng mga datos. Sa pamamagitan nito, naging mas malinaw ang paglalahad, at pagpapakahulugan sa mga isyung pang-Generation Z, elementong literari at dimensiyong pansosyolohikal na nais bigyang-linaw sa pananaliksik na ito. Ang bawat bahagi at talahanayan ay isinaayos mula sa mga naglalaman ng mga natuklasan sa isinagawang pagsusuri ng mga piling Social Media Short Series na tumatalakay sa mga isyung kinahaharap ng Generation Z. Inilalahad dito ang mga temang umuusbong, kahalagahang moral, at mga dimensiyong pansosyolohikal na matatagpuan sa mga nasuring materyal. Layunin ng bahaging ito na ipaliwanag at bigyang-kahulugan ang mga natuklasang datos batay sa mga layunin ng

pag-aaral, gayundin upang mailantad ang kaugnayan ng mga serye sa karanasan at kamalayang panlipunan ng kabataang henerasyon. Ang mga pagpapakahulugan sa ibaba ay batay na rin sa pagkakaayos ng talahanayan gaya ng sumusunod:

**Talahanayan 1**
*Isyung Pang Generation Z*

| Pamagat ng SOCIAL SERIES | ISYU | BAHAGI/ LINYA |
|---|---|---|
| Bakit Ka Single S2-Laging Late | Kabiguan sa pag-ibig dulot ng maling akala | … "Di mo mare-realize na kahit gaano ka kaaga sa pag-ibig mahuhuli't mahuhuli ka pa rin, sabit lang pala ako sa estorya nilang dalawa.<br>....Hindi porket maaga ka ay mauuna ka, hindi porket kasali ka sa estorya ay bida ka na" … |
| Teachers' Pet – Hanggang Dito Na Lang | Pakikipagrelasyon ng menor de edad | … "bubuhayin po kita…magtanan na tayo dun tayo sa malayo titira" …<br>… "kakayanin natin di ba basta mahal kakayanin" …<br>…" ititigl natin to dahil may ibang nakakaalam" …<br>…"Joshua values teacher ako, estudyante kita. Hindi mo ba nakikita kung anong mali don? Ano na lang ang sasabihin nila ha?... "Na pumatol ako sa estudyante"…<br>…"O eh bakit nga ba kasi pumatol ka sa estudyante?"… (Joshua) |
| Unspoken Rules-Ama Namin | Pagpasan sa responsibilidad ng mga magulang | … "Hindi na sana humantong pa sa ganitong eksena, pero nasaktan ako ng tuluyan at tinalikuran ang salitang pamilya. Doon nabuo ang galit ko sa kanya at kinalumutan kong wala akong ama."…<br>… "mas mabuti wala ka na lang! Kinaya naman naming na kami lang! Walang ikaw! Walang ama! Walang padre de pamilya!"… |
| Unspoken Rules: Cellphone O Ako (Gamer/Selfie) | Pagkalulong sa gadget | … "nandito na sana pero ang utak mo'y nandoon pa"…<br>… "andiyan na sa tabi ko pero parang wala ka. Pareho na tayong nandito, pero pakiramdam ko ako lang ang bumabyahe mag-isa"…<br>… "simple lang naman ang gusto ko, ituon ang atensiyon sa atin "… |
| Unspoken Rules: I Love You, Ma | Pagkalulong sa bisyo | … "Mas pinili ko ang saya at kalokohan kaysa pag-alala mo"…<br>… "patawarin mo ako dahil noong ipinaramdam mo sa akin na mahal mo ako tumalikod lang ako"… |

1. Kabiguan sa Pag-ibig Dulot ng Maling Akala

Sa seryeng *Bakit Ka Single S2 – Laging Late,* malinaw ang pagpapakita ng kabiguan sa pag-ibig bilang bunga ng ilusyon at maling akala. Ang linya ng pangunahing tauhan ay sumasalamin sa sikolohikal na dimensiyon ng karanasan—ang pagsisisi at pagkilala sa sarili matapos maranasan ang sakit ng pag-ibig. Sa moral na dimensiyon, ipinapahiwatig nito ang kahalagahan ng pagmamahal sa sarili at pagiging matatag sa emosyon bago pumasok sa anumang ugnayan.

2. Pakikipagrelasyon ng Menor de Edad

Sa *Teacher's Pet – Hanggang Dito Na Lang,* itinatampok ang moral at etikal na dilema ng relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Ang serye ay nagsisilbing babala hinggil sa mga hangganan sa propesyon at ang epekto ng maling desisyon sa personal at sosyal na antas.

3. Pagpasan sa Responsibilidad ng Magulang

Sa *Unspoken Rules – Ama Namin,* binigyang-diin ang pamilyang dysfunctional bilang salamin ng mga realidad sa lipunan. Ipinakita ng mga tauhan ang emosyonal na paghihirap at galit ng anak sa ama na tinalikuran ang pamilya. Dito umuusbong ang sosyolohikal at sikolohikal na dimensiyon, na nagpapakita ng sugatang damdamin at epekto ng kawalan ng ama sa paghubog ng pagkatao.

4. Pagkalulong sa Gadget

Ang *Unspoken Rules – Cellphone o Ako (Gamer/Selfie)* ay naglalarawan ng digital disconnection sa pagitan

ng magkasintahan. Sa mga linyang, “andiyan na sa tabi ko pero parang wala ka,” ipinapakita ang pagpapalit ng atensyon at emosyonal na koneksyon sa teknolohiya. Sa dimensiyong moral, ipinapahiwatig nito ang pangangailangang muling ibalik ang tunay na komunikasyon at presensiya sa mga relasyon.

5. Pagkalulong sa Bisyo

Sa *Unspoken Rules – I Love You, Ma*, matindi ang tunggalian ng anak na nalulong sa bisyo ngunit nagsisisi. Ang pelikula ay nagpapahiwatig ng paghahangad ng kapatawaran at pagbabago, na nagpapakita ng moral na aral tungkol sa kahalagahan ng pamilya at pagtalima sa magulang. Mula rito, nasasalamin ang tema ng pagkawala at muling pagbabalik-loob.

Mula sa pagsusuri sa limang social media short series, lumitaw na ang pinakakaraniwang isyu sa Generation Z ay umiikot sa pag-ibig, pamilya, teknolohiya, at sariling pagkakakilanlan. Ang mga ito ay salamin ng mga karanasang totoo sa kabataan gaya ng mga pakikibaka, pangarap, at paghahanap ng katotohanan sa gitna ng makabagong mundo.

Ang mga natuklasan ay umaayon sa teoryang **Cinema Realism ni André Bazin**, na nagsasaad na ang pelikula ay nagiging tunay na sining kung naipapakita nito ang realidad ng buhay at nakapagbubukas ng pagninilay at pagkatuto sa manonood. Samakatuwid, ang mga social media short series ay hindi lamang anyo ng aliwan kundi instrumento ng kamalayang panlipunan at pansarili, na maaaring gamitin sa pagtuturo ng panitikan at pagpapalawak ng kasanayang mapanuri ng mga mag-aaral.

***Tema*** **-** Bawat elemento ay mahalaga sa isang sining o obra sapagkat nagpapakita ito ng estratehiya ng may-akda, layunin, at nagbibigay ng impormasyong makatutulong sa kaisipan. Mula sa Talahanayan 2, inilahad ang pagkakasunod-sunod ng mga pagsusuring ginawa sa datos at ang pagpapakahulugan ng mananaliksik.

**Talahanayan 2**
*Tema*

| Pamagat ng SOCIAL SERIES | TEMA | Bahagi/linya |
|---|---|---|
| Bakit Ka Single-S2- Laging Late | Pakasiguruhin ang lahat bago magsimulang mag-isip at gumawa ng bagay na ikasisira ng sariling buhay at pagkatao. | …“Hindi porket kasali ka sa estorya bida ka na, minsan ikaw ay extra, hindi porket maaga ka ikaw ang mauuna”… |
| Teachers Pet-Hanggang Dito Na Lang | “Pakaingatan ang pangalan at dangal para sarili.” | …“Mali to ha”… …“Anong mali dun, single naman po tayo parehas ha.”… …“Itigil na natin to please!”… |
| Unspoken Rules: Ama Namin | Matutong magpatawad upang hindi mapuno ng galit ang puso. | …“Matuto kang magpatawad para hindi punuin ng galit yang puso mo”… |
| Unspoken Rules: Cellphone o Ako (Gamer/Selfie) | Mas matimbang ang minamahal kaysa sa cellphone | …“Araw-araw paulit-ulit sa 1,460 days, 4 hours, 42 minutes, 8 seconds and counting na magkasama tayo nagkasanayan na ba talaga? Magkasama nga tayo sa lahat ng ginagawa malayo naman ang nararamdaman sa isa’t isa”… |
| Unspoken Rules: I Love You, Ma | Ang masasayang sandali na nagdaan ay hindi na maibabalik pa. | …“Ang araw na ito ay para sa iyo ma’, para sa ating dalawa, para sa mga panahong nasayang na hindi ko nabitawan ang salitang mahal kita” … |

1. Pagpapahalaga sa Sarili at Pagpapasya (Bakit Ka Single S2 – Laging Late)

Ang pangunahing tema ay pagpapahalaga sa sariling kakayahan at katotohanan sa harap ng pag-ibig. Ang linya ng tauhan ay nagpapahiwatig ng pagkilala sa sariling halaga at pag-unawa na hindi lahat ng bagay ay kailangang ipilit. Ang tema ay nagsisilbing paalala sa kabataan na maging matalino sa emosyonal na desisyon, isang mahalagang usapin sa kulturang Gen Z na madalas mapusok at mabilis magpasiya sa pag-ibig.

2. Pag-iingat sa Dangal at Reputasyon (Teacher’s Pet – Hanggang Dito Na Lang)

Sa seryeng ito, ang tema ay umiikot sa pagsusuri ng tama at mali sa ugnayang may agwat sa edad at katayuan. Ang linya “Itigil na natin ‘to” ay nagpapakita ng moral na katatagan at pag-unawa sa kahalagahan ng

propesyonalismo at dangal. Para sa kabataang manonood, ito ay aral na ang tunay na pag-ibig ay hindi dapat maging dahilan upang masira ang sariling pangalan o kinabukasan.

3. Kapatawaran at Pagtanggap (Unspoken Rules – Ama Namin)

Ang tema ng Ama Namin ay umiikot sa pagpapatawad bilang daan tungo sa kapayapaan ng puso. Ang tauhan ay lumalaban sa sugat ng nakaraan, na siyang karaniwang karanasan ng mga kabataang lumaki sa magulong tahanan. Sa dimensiyong moral, ipinapakita ng serye na ang kapatawaran ay hindi kahinaan kundi lakas upang makalaya sa galit at pait ng nakaraan.

4. Relasyon sa Gitna ng Teknolohiya (Unspoken Rules – Cellphone o Ako)

Ang tema ng seryeng ito ay pagpapahalaga sa presensiya ng minamahal kaysa sa virtual na ugnayan. Ang damdaming “magkasama nga pero malayo” ay sumasalamin sa digital disconnection ng mga Gen Z couples na nahuhulog sa labis na paggamit ng gadget. Sa temang ito, binibigyang-diin na ang teknolohiya ay dapat magpalapit, hindi magpalayo.

5. Pagsisisi at Pagpapahalaga sa Panahon (Unspoken Rules – I Love You, Ma)

Ang huling serye ay may temang pagpapahalaga sa magulang at sa oras na lumipas. Ang damdaming pagsisisi at pagbabalik-loob ay nagpapakita ng malalim na emosyon ng anak na nagnanais bumawi. Ang aral nito ay malinaw: ang pagmamahal sa magulang ay dapat ipinapakita habang may pagkakataon pa.

**Pangkalahatang Pag-aanalisa ng mga Tema:**

Ang limang serye ay nagpapamalas ng mga temang malapit sa karanasan ng mga kabataang Gen Z: pag-ibig, dangal, pamilya, teknolohiya, at oras. Ipinakikita ng bawat isa ang realidad ng makabagong kabataan na dumaraan sa mga suliraning emosyonal, moral, at sosyal. Sa kabuuan, ang mga temang ito ay sumasalamin sa mga pangunahing pagpapahalaga ng henerasyon: gaya ng pagkilala sa sarili, paghuhusga sa tama’t mali, kapatawaran at pag-ibig, at teknolohiya at maayos na komunikasyon.

Ang mga social media short series ay naging mabisang salamin ng kultura ng kabataan, at sa pamamagitan ng mga temang ito, naipapakita kung paano ginagamit ng mga Gen Z ang digital na midya bilang daluyan ng pagninilay, damdamin, at pagbabago. Napatunayan ito ni Singh (2014) na may mga hamon at isyu ang mga naturang henerasyon sa kabila ng kabilang sa mga ito ay kabataang kaya at handang sumabak sa kung ano ang kinakaharap sa kabila ng mga bagay na kanilang kinahihiligan at nakapagdudulot ng atensyon sa mga bagay-bagay sa paligid. Batay pa sa naging pahayag ni Villafuerte (2000), mahalaga ang pagsusuri o pagpapakahulugan ng mga pangyayari sa sanlibutan sapagkat ito ay paghimay sa pagkakakilanlan ng tao, ang kanyang anyo, ugali, gawi, pananalita at maging pakikisalamuha sa kapwa at kinabibilangang lipunan. Sa ganitong pagkakataon, ang mga napanood na social series ay naglalayong makilala at maisapuso hindi lamang ang mga isyu kundi pati na rin kung paano ang mga ito hinarap, kung paano sa pagkakalugmok, at higit sa lahat, kung paano napagtagumpayan ng bawat tauhan ang lahat ng pagsubok at minimithi sa buhay.

Sa kabuuan, maituturing na ang mga isyu na nangingibabaw sa lahat batay sa mga social series ay ang pagdanas ng mga personal na suliranin sa buhay na tumutukoy sa sarili, pamilya, trabaho o paaralan man. Mahihinuha sa mga pagpapakahulugang naitala na mga tema ng limang social series na kinapapalooban ng iba’t ibang tema.

Mula sa talahanayan 2, inilahad ang pagkakasunod-sunod ng mga pagsusuring ginawa sa datos at ang pagpapakahulugan ng mananaliksik sa pansariling pananaw sa buhay. Ayon pa kay Sudarisman, Y. (2009), ang tema ay malawak na ideya, isang mensahe oral ng isang literari, lipunan o kalikasan ng tao. Maituturing din itong ipinahihiwatig o tahasang nagsasaad. Mahihinuha na ang mga pagsubok sa buhay na sinusuong araw-araw ay bagay na hindi maiiwasan kailanman. Ang salaysay ng pelikula ang pinagmulan ng mga tema nito (Yazdanshenas, 2020). Sa kabilang banda, ang malawak na kaalaman sa mga bagay-bagay na nagaganap o nakikita at nararanasan sa mundo ay malaking tulong sa pagkakaroon ng isang likhang sining kung kaya’t dito hinuhugot ang natatanging kaisipan at diwa ng kung tawagin ay tema. Isang pangunahing bentahe ng pag-angkop ng TEMA para sa mga proseso ng pagtanggap ng pelikula ay ang posibilidad na sistematikong pag-aralan ang mga reaksyong naganap bago ang isang kaganapan sa pelikula (Suckfüll, M., et al., 2016). Ayon

pa kay Sandoval M. (2016), layunin na mailahad at mailarawan ang buhay sa makatotohanan sa masining na paraan. Maaaring talakayin o paksain ang anumang tema sapagkat nagpapahiwatig ito ng mga mensaheng hanay sa tunay na buhay.

***Kahalagahang Moral* -** Matutunghayan sa talahanayan ang isinaayos at isinagawang pagsusuri ng mananaliksik sa elementong kahalagahang moral na nakapaloob sa limang piling social series na umuusbong sa panahong ito sa social networking sites. Ang pelikula ay naglalahad ng iba't ibang kuwento na naglalaman ng mga pagpapahalagang moral sa buhay. Ang mga pelikula ay isang paraan ng komunikasyon na nagbibigay-daan upang tuklasin kung paano ginagamit ang mga biswal na larawan kaugnay ng komunikasyong berbal at pagsasalaysay ng kuwento bilang paraan ng pakikipagtalastasan sa kalooban, karakter, at mensahe (Moran, M. 2016).

**Talahanayan 3**

*Kahalagahang Moral*

| Pamagat ng SOCIAL SERIES | KAHALAGAHANG MORAL | Bahagi/linya |
|---|---|---|
| Bakit ka single S2- Laging late | Timbangin ang sitwasyon upang maging maayos ang lahat | …"Being early is never been rewarding"… |
| Teacher's pet – Hanggang dito na lang | Pangangalaga sa dignidad, propesyon at pamilya | …"Josh kailangan ko itong trabaho na'to. Sino na lang ang bubuhay sa pamilya ko, ang magpapaaral sa kapatid ko? Joshua mareregular na ako next month, hindi ako pwedeng maiskandalo"… |
| Unspoken rules- Ama namin | Taos-pusong pagtanggap at pagpapatawad | …"Sinubukan kong pagbigyan at sa amin na muli siyang nanirahan"… |
| Unspoken rules: Cellphone o ako (Gamer/Selfie) | Pag-unawa sa isa't isa | …"Simple lang naman ang gusto ko, ituon lang ang atensyon sa atin, magtago tayo sandali sa paningin ng ibang tao at anumang bagay. Bumalik tayo sa sarili nating mundo." … |
| Unspoken Rules: I love you Ma | Mahalaga ang oras | …" 'I love you anak' yan ang laging sambit mo, pero noong mga oras na yon tinikom ko lang ang bibig ko, sinayang ang pagkakataong humingi ng tawad pabalik sayo, kasabay sana'y ang pagsambit ng mahal din tika inay nang higit pa sa alam mo"… |

1. Pagtitimbang ng Desisyon (Bakit Ka Single S2 – Laging Late)

Ipinakita ng serye ang kahalagahan ng pagsusuri sa bawat hakbang bago gumawa ng desisyon, lalo na sa larangan ng pag-ibig. Ang moral na aral ay tungkol sa pagtanggap ng katotohanan at pag-unawa na hindi lahat ng bagay ay dapat ipilit. Sa henerasyong Gen Z na madalas magpadalos-dalos, ito ay paalala na ang kapanatagan ay nagmumula sa tamang pag-iisip at pagpapasya.

2. Dangal at Propesyonalismo (Teacher's Pet – Hanggang Dito Na Lang)

Sa kuwentong ito, binigyang-diin ang integridad at dignidad sa trabaho at pamilya. Ipinakita ng pangunahing tauhan na higit ang halaga ng propesyon at pananagutan kaysa sa pansariling damdamin. Ang moral na aral ay ang pagpili ng tama kahit mahirap, at ang paggalang sa hangganan ng propesyon ay tanda ng tunay na katatagan ng karakter.

3. Pagtanggap at Pagpapatawad (Unspoken Rules – Ama Namin)

Ang moral na aral sa seryeng ito ay ang kapangyarihan ng pagpapatawad. Ang pagbabalik ng ama sa pamilya ay sumisimbolo ng pagbubuo muli ng sirang ugnayan, na isa sa mga sensitibong isyu sa kabataan ngayon. Ipinapakita dito na ang pagtanggap sa nakaraan ay susi sa kapayapaan ng loob at sa muling pagkakaroon ng tiwala.

4. Pag-unawa at Presensiya (Unspoken Rules – Cellphone o Ako)

Sa panahong dominado ng teknolohiya, ang seryeng ito ay nagbibigay-diin sa moral na halaga ng atensyon

at presensiya sa isang relasyon. Ang mensahe ay malinaw—ang emosyonal na koneksiyon ay higit na mahalaga kaysa virtual na presensiya. Isa itong paalala na dapat gamitin ang teknolohiya upang mapalapit, hindi mapalayo, sa mga mahal sa buhay.

5. Pagpapahalaga sa Oras at Magulang (Unspoken Rules – I Love You, Ma)

Ang moral na aral ng serye ay ang hindi pagsasayang ng pagkakataong ipakita ang pagmamahal sa magulang. Maraming kabataan ngayon ang nakararanas ng pagsisisi matapos mapagtanto ang mga sandaling nasayang. Sa huling bahagi ng serye, ipinapakita na ang pagmamahal ay kailangang ipahayag habang may panahon pa.

**Pangkalahatang Pag-aanalisa:**

Ang mga social media short series ay naglalaman ng mga makabagong anyo ng pagpapahayag ng tradisyonal na pagpapahalaga. Sa bawat kuwento, nasasalamin ang: pagpapasya nang may pag-iingat; pagpapanatili ng dangal; pagpapatawad at pagtanggap; pagpapahalaga sa presensiya at komunikasyon; at pagpapakita ng pagmamahal habang may pagkakataon. Ipinapakita ng mga moral na aral na ito na bagama't moderno ang midyang ginamit, ang puso ng mga mensahe ay nananatiling nakaugat sa kulturang Pilipino ang pagpapahalaga sa pamilya, dignidad, at mabuting asal.Sa kabuuan, ang mga short series ay nagiging daluyan ng moral at emosyonal na edukasyon para sa henerasyon ng mga kabataang aktibo sa social media.

Ang modernong sikolohikal na pananaliksik ay nagpapakita na ang sining ng pelikula at telebisyon at anumang mga panoorin ay makapagbibigay sa madla ng pisyolohikal na kasiyahan ng paningin at pandinig sa pamamagitan ng dalisay na mga katangian at nagbibigay ng kasiyahan sa mga tao (Liu, J., 2020). Ang mga panoorin ay maaaring makapagdulot ng epekto sa madla (Rudy, 2022). Kagaya ng mensahe at aral ng mga naturang social series ay mga tuwirang pangangaral o pagsesermon ng isang akda sa mga tagapanood nito gaya ng: pagpapahalaga at pagmamahal sa sarili, sa pamilya at sa kapwa na nasisilayan na sa bawat tauhan ay gumaganap ng papel ng kanilang tuwirang responsibilidad, sakripisyo, respeto sa sarili at kapwa na sa kabila ng mga paghihirap at sakit ay nananatili pa rin ang pagsasa-alang-alang upang ang relasyon sa iba ay manatiling matatag kung kaya't pinagsusumikapan na maiwasan ang kasamaan sa abot ng makakaya subalit sa kabila ng mga pagsubok ay gumagawa pa rin ng paraan upang makabangon sa pagkakadapa. Ang kabaitan ay isang bahagi ng mga pagpapahalagang etikal na nagmumula sa pagmamahal sa kapwa at pag-unawa sa damdamin ng iba (Malti, 2020). Ang mga halaga at katangiang moral ay itinuturing na mga sangkap ng kabaitan (Leybina, A., 2022). Sa kabilang banda, masisilayan na sa limang *social series* ay nakitaan ng pagiging matatag ng bawat gumaganap sa kabila ng mga diskriminasyon mula sa sarili, sa kapwa at sa pamilya na siyang naging daan upang mamulat sa katotohanan ng buhay na ang bawat tao ay hindi nararapat maging mahina sa anumang pagkakataon.

Sa kabuuan, masasabing mula sa lahat ng nabanggit na mga kahalagahang moral ay nangingibabaw ang *“pagmamahal sa sariling pagkatao at pamilya”* sapagkat masisilayan na bawat suliraning nalampasan ay naroon ang aral na mas nakapagpapantig at nakapagpapaalala sa mga manonood. Naibahagi pa ni Malti (2020) na ang konseptuwalisasyon ng kabaitan ay nagpapakita na ito ay nakabatay sa isang partikular na uri ng kamalayan sa sarili, na nangangailangan ng kaalaman sa sarili na napupunta lampas sa pang-unawa ng mga reaksyon, panloob na estado, at regularidad. Ang pagiging mabait ay nangangahulugan ng pagtulong sa sarili at sa iba na lumago at magbago. Ang kabaitan ay walang limitasyon; ito ay lumalampas sa mga hangganan, kasabay ng pisikal at konseptwal. Kapag naranasan kung ano ang ibig sabihin ng maging mabait sa iba, mauunawaan ang parehong pagkakatulad sa pagitan ng sarili at ng iba, gayundin ang pagiging natatangi na maaaring pahalagahan ng isang indibidwal.

***Dimensiyong Pansosyolohikal -*** Bilang katugunan sa ikalawang suliranin, makikita sa talahanayan ang limang piling social series na sinuri batay sa dimensiyong panliteratura. Binigyan ng mananaliksik ng ilang paglalahad ang bawat isa upang sa gayon ay malaman ang lawak o sinasakupang paksa na kinabibilangan nito sa aspeto ng tao, lipunan, isipan at damdaming pangnilalaman at mabigyang pagpapakahulugan na rin.

Mula sa pagsusuri ng mga piling social series, malinaw na ang dimensiyong sosyolohikal ay umiikot sa ugnayan ng indibidwal at lipunan. Ipinakikita ng mga serye ang mga isyung may kaugnayan sa pamilya, propesyon, teknolohiya, at pagkakaibigan at mga elementong bumubuo sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan. Makikita rin ang pagbabago ng pananaw at asal ng kabataan, partikular sa kung paano nila hinaharap ang mga suliranin sa relasyon, trabaho, at pamilya. Sa pamamagitan ng mga seryeng ito, naipapakita kung paanong ang mga panlipunang realidad ay nagiging salamin ng kontemporaryong buhay, at kung paanong ang panitikan sa anyong digital o social media ay nagsisilbing daluyan ng kritikal na pagninilay at pagbabahagi ng karanasang panlipunan.

**Talahanayan 4**

*Dimensiyong Sosyolohikal*

| | | |
|---|---|---|
| Bakit Ka Single S2: Laging Late | Ipinakikita ang karaniwang ugnayan sa pagitan ng mga kabataan at ng kanilang responsibilidad sa oras at relasyon sa lipunan. | *“Pag may pupuntahan tayo; ikaw na lang lagi ang nahuhuli.”* |
| Teacher’s Pet – Hanggang Dito Na Lang | Tumatalakay sa moral na dilema ng mga propesyonal na nagiging sangkot sa relasyon na labag sa etika at inaasahan ng lipunan. | *“Alam ko na! nagtatampo ka po no? nakapag-set na ako ng movie date natin. Sa ibang Mall na lang tayo pupunta para hindi na tayo makita ni Mr. Castro.”* |
| Unspoken Rules: Ama Namin | Ipinahahayag ang realidad ng pamilyang Pilipino na nakararanas ng kawalan ng pagkalinga at komunikasyon sa pagitan ng ama at anak. | *“Araw-araw na lang na umuuwi si papa na laging galit.”* |
| Unspoken Rules: Cellphone o Ako (Gamer/Selfie) | Inilalarawan ang epekto ng teknolohiya sa ugnayang pantao — ang pagiging pisikal na magkalapit ngunit emosyonal na magkalayo. | *“Andiyan na sa tabi pero parang wala ka. Pareho tayong nandito, pero pakiramdam ko ako lang ang bumabyahe mag-isa.”* |
| Unspoken Rules: I Love You, Ma | Binibigyang-diin ang paghina ng koneksyon ng kabataan sa pamilya dahil sa labis na pakikisama sa barkada at pagkalimot sa halagahan ng magulang. | *“Ang pagsama at pagpakasaya sa iba ang lagi kong inuuna, lalong-lalo na sa piling ng mga barkada.”* |

Matutunghayan sa kabuoan na naglalahad ng pagkakatulad na umiiral na mga makabuluhang mensahe gaya ng, una, pagmamahal na handang magsakripisyo, pagtitiis at pagtanggap ng anumang hirap at pangungutya basta maipadama at maialay lamang ito sa iba, pangalawa, ang pagiging matibay o matatag sa sarili na labanan ang sariling kahinaan, diskriminasyon ng ibang tao, at lahat ng mga suliranin sa buhay at pangatlo, ay pag-ako sa responsibilidad sa sarili, sa pamilya, sa kapwa at anumang kalagayan sa buhay.

Sa kabuuan, mula sa mga nasilayang mga tema sa bawat social series ay nangingibabaw pa rin sa pangkalahatan ang temang, *“Ang panatag at matatag na isip at puso ay daan upang labanan ang bawat kahinaan at pagsubok”*

Ayon pa kina Buckland (2003) at Cloete, A. (2017), isang mahalagang aspekto ng aralin ang mga panoorin sapagkat nagtataglay ang mga ito ng lipunang kinabibilangan. Masisilayan sa bawat pahayag na naitala mula sa limang social series at mga pagpapakahulugan na ang dimensiyong sikolohikal ay panatilihang umiigting sa bawat panoorin. Isang makapangyarihang midyum na naghahatid ng mga pagpapahalaga at paniniwala ng mga kontemporaryong lipunan. Batay sa katwiran ni Moghimi, H. (2023) na ang sosyolohikal na perspektiba ng pelikula ay mahalaga sa pagpapaunlad ng sosyolohikal na imahinasyon sa pamamagitan ng pag-aalok ng isang natatanging lente para sa pagsusuri at pag-unawa sa manipestasyong sosyal.

Sa dimensiyong ito, nakita ang kabuuang kaisipan o mensahe na may kaugnayan sa tunay na pangyayari sa buhay ng bawat tauhan. Masigasig na nakikipaglaban ang bawat tauhan sa takbo ng buhay sa kabila ng mga suliranin at pakikitungo sa kapwa, pamilya at lipunan. Dito makikita ang pagiging rasyonal o maalam sa mga natutunan ng mga tao mula sa iba’t ibang karanasang masasakit at pagkatapos ay tagumpay na nakipagsapalaran sa buhay.

Lumilikha ang pelikula ng isang karanasan na nagpapalawak at nagtatanong sa ating pananaw sa mundo (Cloete, A., 2017). Ito ay hindi lamang tungkol sa pagkakaroon ng isang magandang oras, bagama't iyon ang

nasa isip ng karamihan sa mga tao kapag nanonood ng mga pelikula—kundi hinahamon din kung paano tayo nabubuhay. Ang karakter ng tao ay tumutukoy sa maraming bagay sa kanyang buhay, halimbawa, sa pakikisalamuha sa lipunan, pagtatrabaho, pag-aaral, atbp. Sa madaling salita, ang katangian ng isang indibidwal ay may malaking impluwensya sa kanyang buhay. Ayon pa kay Ugot (2015), mahalagang makita ang mga damdaming namamayani sa mga tauhan at ang mga nakakubling layunin ng manlilikha. Matutunghayan sa mga social series na sa bawat tauhan ay mararamdaman ang iba't ibang damdamin na umiiral sa kanilang pakikipagsapalaran at pakikitungo sa kapwa. Kahalintulad din ito ng dimensiyong sosyolohikal sapagkat sa bawat social series na nasilayan ng mananaliksik ay nagpapahiwatig ito na batay na rin sa takbo ng mga pangyayari na kung saan ay tumutukoy sa mga dinanas ng bawat pangunahing tauhan sa lugar na kinabibilangan at pakikisalamuha sa kapwa, pamilya, kaibigan man o hindi na sumasalamin sa tunay na pangyayari sa lipunan.

Ang katotohanang ang pelikula ay sumasalamin sa mga pangarap, takot, pag-asa at halaga ng lipunan ay ginagawa itong isang mahalagang pokus para sa teolohikal na pagmuni-muni (Cloete, A., 2017). Mula sa mga suliranin at pakikibaka hanggang sa tagumpay man o kabiguan na natamo, ay nakipagsapalaran ang bawat pangunahing tauhan sa kabila ng mga karanasang masaktan nang lubusan, nang paulit-ulit man, at mula sa isa tungo sa ibang tao o kapwa ay patuloy na pinairal ang utak at puso na hindi namamalayan ng ilan ang kamalian o kawastuan sapagkat ang mahalaga ay kung ano ang hinaharap. Ang mga ugnayang panlipunan ay masusuri bilang salamin ng lipunan at dito masusuri ng mga tagapanood ang interaksyon ng tao sa tao, ng tao sa lipunan, at sinusuri rin ang interaksyon ng tao sa kanyang kapaligiran na maituturing na isang mapang-akit na likhang sining (Nascimento, 2019). Ang salamin ng buhay at ang buhay na lumilikha ng salamin ay ang lipunan, ang tao. Sa ganitong banda, masisilayan din na umiiral sa ilang piling social series ang bawat papel na ginagampanan ng tauhan, at mapapansing nakapokus sa pagbibigay-halaga sa kanilang sarili.

Sa madaling salita, bawat ginagampanang papel ng tauhan ay nagdudulot ng impak sa panonood at masusing nagagampanan ito upang maramdaman ang personal na karanasan, kalagayan sa buhay, mga personal na desisyon, gawi at pakikitungo sa kapwa at lipunan. Mula sa sariling pagkatao ay nagpapahiwatig na bawat tao ay kaya niyang malampasan ang mga magaganda at masasakit na pangyayari sa buhay, na nangangahulugang katibayan ito na normal na sa mga tao sa lipunan ang magampanan ang anumang sitwasyon sa buhay.

Kinakaharap ng mga tao ang kanilang kalagayang panlipunan at ang mga hamon na ipinapataw sa kanila ng buhay (Nascimento, 2019). Mahihinuhang tunay na hindi madali ang pagtukoy sa iba't ibang dimensiyong panliteratura ayon sa napanood, napakinggan at nabasa. Sa kabuuan, nagpapatunay lamang na ang dimensiyong panliteratura na katulad ng *sosyolohikal* ay lumulutang na siyang nangingibaw sa dimensiyong panliteratura sa kanya-kanyang pangyayari at aspeto ng buhay ng tao.

## 4. Kongklusyon

Sa kabuuan, itinatampok na ang mga natuklasan sa pananaliksik ni Marzuq (2024) tungkol sa kahalagahan ng pagsasama ng midyang biswal tulad ng mga maikling pelikula sa mga klase, na nagbibigay-diin sa kanilang potensyal na pahusayin ang mga kasanayan sa wika ng mga mag-aaral, kakayahan sa kultura, at pangkalahatang karanasan sa edukasyon. Ang pag-aaral sa isang akdang sining ay mahalaga upang mabuksan ang interes at kakayahan ng mga estudyante na matuto sa paraang integratibo, makabuluhan, napapanahon, kawili-wili, at nakalilinang ng kritikal at mapanuring pag-iisip. Nailahad naman ni Stephen (2024) na ang kritikal na pag-iisip at ang lawak ng pangangatwiran ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga mag-aaral na makisali sa mas mataas na antas ng pag-iisip at pag-aaral. Ang midyang biswal ay may kakayahang maipaliwanag ang mga kasalukuyang karanasan sa paraang hindi magagawa ng simpleng paglelektyur lamang (Radeloff, 2009). Samakatuwid, napakalaking impak ang naidudulot ng social series sa bawat henerasyon, sa kapwa tao, at ang bawat impak ay nagdudulot ng iba't ibang mabuting epekto.

***Rekomendasyon*** **-** Batay sa mga natuklasan at kongklusyon, inihayag ng mananaliksik ang sumusunod na panukala:

Bigyan ng halaga ang panonood at pagtukoy sa mga isyung kinasasangkutan ng mga Generation Z. Makisabay sa kawilihan at napapanahong kalakaran ng pagtuturo ng Filipino na nasusuri ang mga elementong nakapaloob sa isang panoorin. Iangkop ang panonood at gamitin ang mga elemento gaya ng temang nakapaloob upang sa gayon ay maging lunsaran sa aktibong talakayan sa klase at kritikal na pag-unawa ng mga estudyante. Ipakilala at bigyang-halaga ang mga maiikling panoorin bilang anyo ng pelikula na siyang kinahihiligan ng bagong henerasyon bilang gabay sa kritikal na pag-unawa sa mga kahalagahang moral na mapupulot. Palalimin pa ang talakayan sa mga pelikula sa pag-aangkop nito sa kasalukuyang lagay ng lipunan na nakasentro sa dimensiyong sikolohikal at sosyolohikal at mga babasahing kaugnay nito. Panghuli, isama sa kurikulum ng kursong Filipino ang pagsusuri ng mga short films gamit ang social media bilang paraan upang mapaunlad ang 21st Century skills ng mga estudyante, tulad ng kritikal na pag-iisip, malikhaing pagpapahayag, at komunikasyon sa digital na konteksto. Kasabay nito, palakasin ang paggamit ng FilKulTech modules upang mas mapadali at maging mas epektibo ang integrasyon sa klase.

## 5. References


Buckland, W. (2003). Teach yourself film studies. Chicago: Contemporary Books.

Cilliers, E.J. (2017). The challenge of teaching generation Z. PEOPLE: International Journal of Social Sciences. ISSN 2454-5899. DOI:10.20319/pijss.2017.31.188198.

Cloete, A. L. (2017). Film as a medium for meaning making: A practical theological reflection. HTS Teologiese Studies / Theological Studies, 73(4). doi:10.4102/hts.v73i4.4753

Creswell, J. W. (2018). Research design: qualitative, quantitative, and mixed methods approaches, fifth edition. https://spada.uns.ac.id/pluginfile.php/510378/mod_resource/content/1/creswell.pdf. SAGE Publications, Inc.

Dominick, J. (2009). The dynamics of mass communication. New York: McGraw-Hill Companies, Inc.

Gaidhani, S., Arora, D., Kumar, S. B. (2019). Understanding the attitude of Generation Z towards the workplace. SSN NO : 2249–7455. https://www.researchgate.net/publication/331346456

Hufana, N. et al. (2018). Wika at kultura sa mapayapang lipunan. Mutya Publishing House. University Village, Potrero, Malabon City.

Jones, A. C. (2007). Millennial media: A fantasy theme analysis of the short film “Narrow Roads”. Liberty University ProQuest Dissertations Publishing. 1441506.

Kabadayi, L. (2012). The role of short film in education. Elsevier Ltd. Selection.1-s2.0-S1877042812023932-main.pdf

Leybinaa, A. V., et al. (2022). Understanding kindness in the russian context. Psychol Russ. 2022; 15(1): 66–82. Published online 2022 Mar 30. doi: 10.11621/pir.2022.0105

Liu, J. (2020). Metaphorical study of film theme design in the information flow era. Department of Culture & Art Management, Tianjin Art Vocational College, Tianjin, China. International Journal of Trend in Research and Development, Volume 7(6), ISSN: 2394–9333. www.ijtrd.com

Ludivese, E. (2024). Isang Pagsusuring Pangnilalaman sa mga Piling Makasaysayang Pelikulang Pilipino: Disenyo ng Aralin. (2024). *UB Advancing Filipino Research Journal*, *1*(1), 116–129. https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.202

Magulod,G.C. (2018). Literary appreciation skills and reading performance of university students. TheNormal Lights,12(2), 168-195

Malti, T. (2020). Kindness: a perspective from developmental psychology. European Journal of Developmental Psychology, (), 1–29. doi:10.1080/17405629.2020.1837617

Marzuq, M., et al. (2024). Education short movies and narrative assessment in english lessons. Research Studies in English Language Teaching and Learning (RSELTL)Vol.2, No. 2; 2024, 55- 65. DOI: 10.62583/rseltl.v2i2.38

Moghimi, H. A. (2023). Sociological film: a medium to promote sociological imagination. The American Sociologist 54(3):1-19http://dx.doi.org/10.1007/s12108-023-09586-z

Mohr, K., et al. (2017). Understanding Generation Z students to promote a contemporary learning environment.

Journal on Empowering Teaching Excellence: Vol. 1: Iss. 1, Article 9. DOI: https://doi.org/10.15142/T3M05T. Available at: https://digitalcommons.usu.edu/jete/vol1/iss1/9

Morales, M. P. E. (2023). Education for the generation z. The normal lights, 12(2). Retrieved from https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/2064

Moran, M. (2016). Live-action and animated disney films: an analysis of themes and family structures over time. Rochester Institute of Technology ProQuest Dissertations Publishing. 10243893.

Nascimento, J.D. (2019). Art, cinema and society: sociological perspectives. Global Journal of HUMAN-SOCIAL SCIENCE. International Research Journal Publisher: Global Journals. Online ISSN: 2249-460x & Print ISSN: 0975-587X. Volume 19 Issue 5 Version 1.0

Radeloff C. L., Bergman, B. (2009). Global perspectives: developing media literacy skills to advance critical thinking. Feminist teacher. 19(2):168–171. DOI: 10.1353/ftr.0.0042

Rudy (2022). American films as an educational tool for character development of teenagers. International Research Journal of Science, Technology, Education, and Management, 2(1), 143-151. https://doi.org/10.5281/zenodo.6496839

Ryan, M., Lenos, M. (2020). An introduction to film analysis: technique and meaning in narrative film. https://books.google.com/books?hl=en&lr=&id=WKPeDwAAQBAJ&oi=fnd&pg=PR3&dq=film+analysis&ots=crbm7ITyyW&sig=B_RRodZcjhkJHyAGnMnJEpQb8Ik

Sandoval, M. (2018). Inobasyon sa wikang Filipino. Mutya Publishing House, Inc., Potrero, Malabon City.

Singh, A. P et al. (2016). Understanding the generation z: the future workforce. Asian Journal of Multidisciplinary Studies (SAJMS) ISSN:2349-7858: SJIF: 2.246: Volume 3 Issue 3

Stephen, J. S. (2024). Skills and strategies for critical thinking and quantitative reasoning. Academic Success in Online Programs. DOI: 10.1007/978-3-031-54439-2_10

Sudarisman, Y. (2009). An analysis of Gadamer's hermeneutics toward the tagline text in the crash film and its support of the theme. repository. uinjkt.ac.id. https://repository.uinjkt.ac.id/dspace/bitstream/123456789/9763/1/

Suckfüll, M., et al. (2016). Understanding film art: moments of impact and patterns of reactions. Neuromethods, 165–181. doi:10.1007/978-1-4939-3249-8_9

Totaro, D. (2003). André Bazin: Introduction to André Bazin, Part 1: theory of film style in its historical context. https://offscreen.com/contributors/view/donato-totaro

Villafuerte, P. (2014). Ang papel ng Filipino sa programang K-12 tungo sa pagkamit ng kamalayan para sa ika-21 siglo." Papel na binasa sa pambansang seminar sa Filipino sa inobasyon sa pagtuturo ng Filipino sa K-12. DLSU Manila.

Yazdanshenas. H. et al. (2020). Introducing the analytical approach to identifying themes in fiction films. Journal of the Field of Art. mmh.journal.art.ac.ir